## TALAAN NG ISPISIPIKASYON SA ESP 4

### IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT

| Mga Layunin | Kinalagyan ng bilang | Bilang ng Aytem |
|---|---|---|
| 1. Nakapagpapakita ng kawilihan sa pakikinig o pagbabasa ng mga pamanang kulturang materyal at di-materyal. | **1-7** | **7** |
| 2. Naipagmamalaki/ napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng kuwentong-bayan, katutubong sayaw, awit, laro at iba pa. | **8-14** | **7** |
| 3. Nakasusunod sa mga batas/ panuntunang pinaiiral tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran kahit walang nakakakita. | **15-21** | **7** |
| 4.Nakatutulong sa pagpapanatili ngkalinisan at kaayusan ng kapaligiran saanman sa pamamagitan ng:<br><br>4.1 segregasyon o pagtapon ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok sa tamang lagayan<br>4.2 pag-iwas sa pagsunog ng anumang bagay<br>4.3 pagsasagawa ng muling paggamit ng mga patapong bagay (Recycling) | **22-28**<br>**29-34**<br>**35-40** | **7**<br>**6**<br>**6** |
| **KABUUAN** | **40** | **40** |

**IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT**
**EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 4**

Pangalan ________________________ Iskor ________________
Guro: ________________________ Petsa: ________________

**Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

1. Siya ang kauna-unahang Pilipinang naipadala sa Olympics upang kumatawan sa ating bansa. Itinanghal bilang Asia's fastest woman noong 1980's.
   a. Rona Mahilum
   b. Lydia de Vega
   c. Leah Salonga
   d. Gabriela Silang
2. Isang natatanging kaugalian ng Pilipino ang kusang-loob na pagtulong. Halimbawa: kung may nagbabayad na pasahero, inaabot natin ang kaniyang bayad kahit hindi natin siya kakilala: kung may nahulog na gamit ang isang tao at alam mong marami syang dala, pinupulot mo ito o tinutulungan mo siyang ayusin ang gamit niya.
   a. Karapatan
   b. Kalinisan
   c. Malasakit
   d. Pagiging magalang
3. Ito ang kauna-unahang food chain restaurant na nagtagumpay na makipagsabayan sa ibang restaurant sa ibang bansa. Kilala ito sa linyang "Langhap Sarap"
   a. Mc Donald
   b. KFC
   c. Jollibee
   d. Kentucky
4. Ano ang tawag sa sinaunang sistema ng pagbasa at pagsulat na sinasabing umiiral na sa Pilipinas bago pa man dumating ang mga Espanyol?
   a. Baybayin
   b. Balangay
   c. Titik
   d. Alpabeto
5. Ang sumusunod ay ilan sa mga kultura n gating bansa. Alin ang HINDI?
   a. pagmamano
   b. pagsisimba tuwing araw ng pagsamba
   c. pag-aasawa nang wala sa edad
   d. mga pamahiin tuwing may patay
6. Ang Pilipinas ay may iba't ibang pangkat etniko na mayaman sa napakaraming kultura. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng kultura?
   a. Ang magagandang tanawin sa isang lugar
   b. Ang mga katutubong kasuotan, kwentongbayan, sayaw, laro at iba pa.
   c. Ang mga kaugalian at pagpapahalaga ng mga tao sa isang lugar.
   d. Ang mga lumang kagamitan at paraan ng pamumuhay.
7. Sa kabila ng mabigat na suliraning idinulot ng bagyong Yolanda, hindi natinag ang mga Pilipino. Nagtulong-tulong ang bawat isa sa pamamagitan ng pagbibigay ng *relief goods,* muling pagtatayo ng kanilang bahay at pagdarasal para sa kanila. Mahirap mang pumunta sa mga nasalantang lugar, hindi ito inalintana ng mga kababayan natin. Isa itong patunay na likas na sa bawat Pilipino ang pagiging__.
   a. Bayani
   b. Madasalin
   c. Matulungin
   d. mapagbigay
8. Si Isabel ay isang Tasaday. Nang siya ay makapag-aral sa kabayanan at makapagtapos, bumalik siya sa kanilang lugar at tinulungan ang kaniyang mga kasama na baguhin ang mali nilang nakasanayan tulad ng hindi pagkakaroon ng tamang palikuran at ang pag-aasawa nang wala sa edad. May pagpapahalaga ba siya sa kanilang pangkat etniko?
   a. Mayroon
   b. Wala
   c. Maaari
   d. Hindi ko alam
9. Naatasan ang inyong pangkat na matanghal sa palatuntunang inihanda para sa mga mag-aaral mula sa Malaysia upang maipakilala sa kanila ang kulturang Pilipino. Alin sa mga sumusunod ang pipiliin ninyo?

a. Sumayaw ng Pandanggo sa Ilaw
b. Umawit ng nauusong kanta ngayon.
c. Lumikha ng bagong himig at tugtugin sa piano.
d. Sumayaw ng katutubong sayaw ng Malaysia.

**Panuto: kumpletuhin ang mga bugtong, salawikain, linya ng tula at kanta. Punan ang patlang ng tamang salita.**

10. Ang hindi lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa

11. Ang paa ay apat, hindi maka

12. Sa dagat at b undok, sa simoy at sa mong bughaw.

13. Ikaw at ako, hindi man magkalahi ay dapat matutong magmahal. Isipin mong tayong lahat ay

14. Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya sa pagkadalisay at pagkadakila, gaya ng pag-ibig sa tinubuang

**Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

15. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng disiplina sa pangangalaga sa kalikasan kahit walang nakakakita?
    a. Sa parke hindi mo pinipitas ang mga magagandang bulaklak na nakikita mo.
    b. Sa palikuran ay ipina-flush mo ang kubeta at hindi itinatapon ang tissue sa toilet bowl para malinis na magamit ng ibang tao.
    c. Sa palaruan ay itinatapon mo ang iyong basura sa ilalim ng slide dahil may tagalinis naman ditto.
    d. Sa daan ay inilalaglag mo ang mga basura galling sa iyong bulsa mula sa paaralan.
16. Nagmamadali kang umuwi dahil may dadaluhan kang birthday party ng iyong kapitbahay. Paglabas mo ng silid-aralan, nakita mong umaapaw ang basura sa labas. Ikaw na lang ang tao dahil nauna nang umuwi ang iyong mga kaklase. Ano ang gagawin mo?
    a. Pababayaan ang basura dahil baka mahuli ka sa birthday party na iyong dadaluhan.
    b. Mabilisan mong aayusin ang mga basura sa sako bago umuwi.
    c. Magkukunwaring hindi nakita ang umaapaw na basura sa sako.
    d. Magkikibit-balikat dahil hindi naman ikaw ang tagalinis sa araw na iyon.
17. Namamasyal kayo sa sa Roxas Boulevard. Habang naglalakd sa baybayin nito ay nakaramdam ka ng matinding pag-ihi ngunit malayo naman ang palikuran. Kung sa baybayin ka iihi ay wala naming makakakita sa iyo. Saan ka iihi?
    a. Sa baybayin dahil wala namnag makakakita.
    b. Sa palikuran kahit malayo.
    c. Kahit saan basta maka-ihi lang.
    d. Hindi na ako iihi at pipigilan na lang ito.
18. Kumakain kayo ng ice cream habang naglalakad sa tabi ng kalsada. Pagkatapos ninyong kumain ay hinahanap ninyo ang basurahan para itapon ang mga stick na inyong ginamit. Dahil wala kayong makitang basurahan, bigla na lang itinapon ng kasama mo ang stick sa tabi-tabi dahil wala naman daw makakakita. Ano ang gagawin mo?
    a. Sasawayin ang kasama at sasabihing itapon sa basurahan ang stick na ginamit.
    b. Gagayahin ang kasama sa pagtapon sa tabi-tabi.

c. Kakainin mo na lang ang stick para wala ka ng basura.
d. Ibibigay sa kasama ang stick para siya na lang din ang magtapon sa tabi-tabi.

19. Habang nasa sasakyan ay ngumunguya ka ng bubble gum. Nang malasahan mo ay matabang na ito. Ano ang gagawin mo?
    a. Ibabalibag sa bintana ang kinakaing bubble gum.
    b. Ididikit sa ilalim ng upuan ang bubble gum.
    c. Itatapon sa basurahan ang bubble gum na nasa loob ng sasakyan.
    d. Ilululon na lang ang bubble gum.
20. Nangangamoy na ang inyong mga basura ngunit hindi mo pa ito mailalabas kundi sa mismong araw ng paghahakot ng basurang nabubulok, ayon sa ordinansa. Ano ang gagawin mo?
    a. Ilalabas ko na ang basura kahit hindi pa araw ng kolekta dahil mabaho at nangangamoy na.
    b. Ilalagay ko sa bakuran ng kapitbahay kapag walang nakakakita.
    c. Ibabaon ko sa lupa upang maging pataba.
    d. Ipaaanod ko na lang sa ilog para wala nang basurang mangamoy.
21. May proyektong Clean and Green sa inyong barangay. May mga inatasan upang maglinis, magtanim at mangalaga sa halaman at puno na itinanim. Nakita mo na hindi nadiligan ang puno at halaman na malapit sa inyong bakuran at ito ay nalalanta na. Ano ang iyong gagawin?
    a. Tatawagin ang taong inatasan na mangalaga sa tapat ng inyong bakuran upang diligan ang mga puno at halaman.
    b. Didiligin mo ang mga halaman kahit hindi ikaw ang inatasan na magdilig at mangalaga dito.
    c. Hindi mo papansinin at hahayaan na lang na mamatay ang mga tanim.
    d. Tatawagin ang kapitan ng barangay upang ipakita na namamatay na ang mga tanim.

**Panuto: Iguhit ang <u>Masayang Mukha</u> kung ito ay paraan upang mapanatili ang kalinisan at kaayusan ng kapaligiran at <u>Malungkot na Mukha</u> naman kung hindi.**

22. Nagtatapon ako ng basura kung saan-saan lalo na kapag walang nakakaita. ______________
23. Ang basura sa aming tahanan ay pinagbubuklod-buklod para magamit pang muli ang mga ito.______________
24. Pinagsasabihan ko ang aking mga kaklase na itapon sa tamang tapunan ang mga basurang papel. ______________
25. Nililinisan namin ang mga basyong lata ng gatas upang taniman ng mga halaman. ______________
26. Nakikiisa ako sa kampanya para mag-recycle ng mga patapong bagay. ______________
27. Pinipitas ko ang mga magagandang bulaklak sa parke. ______________
28. Ibinabaon ko sa lupa ang mga basurang nabubulok upang maging pataba o abono. ______________
29. Tuwing sasapit ang Bagong Taon, nagsusunog kami ng goma sa aming bakuran upang Masaya. ______________
30. Iniipon ni Ate ang mga plastik na pinaglalagyan ng sitsirya at kaniya itong sinusunog. ______________
31. Sinaway ko ang aming kapitbahay na nagsusunog ng mga basura sa kanilang bakuran. ______________
32. Ang pagsusunog ng anumang bagay ay pwedeng magbunga ng maruming hangin sa kapaligiran kaya ay ito ay dapat na iwasan. ______________
33. Pinaghiwa-hiwalay ko ang mga basura at saka ko ito sinunog ng hiwa-hiwalay. ______________
34. Ang pagsusunog ng basura ay makabubuti sa ating kalikasan kaya't lagi kong itong isasagawa. ______________

**Panuto: Ibigay ang proyektong maaaring magawa buhat sa mga patapong bagay. Piliin sa kahon na nasa ibaba.**

________________ 35. lumang gulong
________________ 36.basyo ng lata ng gatas, sardinas at iba pa
________________ 37.mga papel o kartong papel
________________ 38.mga babasaging bote
________________ 39.mga plastik na bote
________________ 40.mga lumang diyaryo

| |
|---|
| paso/taniman ng halaman/duyan<br>taniman ng halaman<br>organizer/ bag<br>flower vase<br>taniman ng halaman/ pangdekorasyon<br>placemat/bulaklak/bag |

## IKALAWANG MARKAHANG PAGSUSULIT
## SA EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO IV

### SUSI SA PAGWAWASTO

1. b
2. c
3. c
4. a
5. c
6. b
7. c
8. a
9. a
10. paroroonan
11. lakad
12. langit
13. magkakapatid
14. lupa
15. a
16. b
17. b
18. a
19. c
20. c
21. b
22. malungkot na mukha
23. masayang mukha
24. masayang mukha
25. masayang mukha
26. masayang mukha
27. malungkot na mukha
28. masayang mukha
29. malungkot na mukha
30. malungkot na mukha
31. masayang mukha
32. masayang mukha
33. malungkot na mukha
34. malungkot na mukha
35. paso/taniman ng halaman/duyan
36. taniman ng halaman
37. organizer/ bag
38. flower vase
39. taniman ng halaman/ pangdekorasyon
40. placemat/bulaklak/bag